8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin

8

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 3: Araling 8 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Piedad O. Diola

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 3, IKAWALONG LINGGO, BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Napahahalagahan ang bahaging ginampanan ng iba't ibang kilusan sa pagtaguyod ng demokratikong lipunan.<br><br>1.Natutukoy ang katuturan ng iba't ibang<br>2. Natatalakay ang mga kilusang naganap sa Amerika, Poland, China at Africa at ang epekto ng mga ito sa kasaysayan at sa hinaharap.<br>3. Napahahalagahan ang nagawa ng mga kilusang pang demokratiko naitatag sa Amerika, Poland, China at Africa at ang implikasyon nito sa kasaysayan at sa kasalukuyan. |
| **C. Nilalaman** | Mga Kilusan para sa Demokrasya |
| **D. Integrasyon** | Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala (Power, Authority, and Governance) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Carson, C. (2024, May 11). American civil rights movement. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/American-civil-rights-movement

Hamlin, R. (2024, April 30). civil rights. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/civil-rights


Hamlin, R. (2024, April 30). civil rights. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/civil-rights

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, March 22). Solidarity. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/Solidarity

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 21). Tiananmen Square incident. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Tiananmen-Square-incident

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, April 26). apartheid. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/apartheid


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1.Maikling Balik-aral**<br>**Gawain: MAPApatingin Ka!**<br>**Panuto:** Tingnan at suriin ang mapa ng Russia. Gamit ang mga impormasyon mula rito, sagutan ang mga sumusunod na tanong:<br><br><br>1.Ang dating USSR ay kilala na sa kasalukuyan bilang ang bansang ___________<br>2. Ang USSR o Soviet Union ay matatagpuan sa _______________ (espisipikong at kontinente)<br>3. Matatagpuan sa Kanluran ng USSR ang ________________<br>4. Nasa Hilagang Silangan ng USSR ang ____________________<br>5. Patunayan kung bakit itinuturing na pinakamalaking bansa sa buong mundo ang USSR noon. | Batayan ng Kasagutan:<br><br>1.Russia<br>2. Hilagang Asya<br>3. Black Sea<br>4. Bering Sea<br>5. bahala ang mag-aaral ngunit dapat na i-proseso ang sagot |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain: Flag Reveal**<br>**Panuto:** Suriin ang mga sumusunod na bandila at tukuyin ang mga bansang ito. Ilagay ang sagot sa ilalim ng larawan.<br>   <br>**https://commons.wikimedia.org/wiki/File:US_Flag_Backlit.jpg**<br>**https://www.flickr.com/photos/flowcomm/15318490720**<br>**https://www.needpix.com/about**<br>**https://www.pexels.com/photo/flag-of-poland-5611/**<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Civil Rights Movement** - malawakang protestang naganap upang labanan ang pagkakawatak-watak ng lahi at diskriminasyon sa bahaging Timog ng Estados Unidos noong dekada 50's. Ang kilusang ito ay nag-ugat pa sa mga nagdaang siglong pakikipaglaban tungkol sa Pang-aalipin o slavery sa Africa at mawala ang opresyon sa mga lahi.<br>**Solidarity Movement –** itinatag noong Setyembre 1980 na sapilitang pinigilan ng pamahalaang Polish noong 1981 at muling nabuo noong 1989 na siyang naging kauna-unahang oposisyong kilusan na nakasali sa halalan sa Soviet Union magmula noong 1940's. Nang maglaon, nabuo ang koalisyon ng Solidarity Movement sa Poland's United Workers' Party (PUWP). Simula noon, ang mga lider ng koalisyong ito ang nagdomina sa pambansang pamahalaan ng Poland.<br>**Tiananmen Square Protest –** serye ng mga protesta at demonstrasyon sa China noong 1989., Bagaman marami pang mga protestang naganap na iba't ibang bahagi ng bansa, ang gulo sa Beijing, partikular sa Tiananmen Square ang isa sa naging makasaysayan dahil Malaki ang pagkakatulad nito sa naganap na *May Fourth Movement* noong 1919. Lumaganap din ang mga protesta mula sa mga mag-aaral ng iba't ibang unibersidad na humihingi ng repormang pampamahalaan kahit na may isang dekada nang nagtatamasa ng paglago ng ekonomiya at Kalayaan. Marami ding mga Intsik na nalantad sa mga | Pinagkunan ng Larawan<br>*flags*. (n.d.). https://www.google.com/search?q=bandila.<br>Batayan ng kasagutan<br>1.USA<br>2.Poland<br>3. China<br>4. South Africa |

| | | |
|---|---|---|
| | dayuhang kaisipan at estado ng pamumuhay Sa kabila nito, lumaganap pa din ang implasyon at korapsyon sa mga opisyal ng gobyerno.<br>**Anti-apartheid Movement –** kikusan o organisasyon na ang layunin ay nakasentro sa pakikipaglaban sa Apartheid System at paglaya ng lahing itim sa Timog Africa mula sa diskriminasyon,.<br>**Apartheid -** ang patakaran ng segregasyon o paghihiwalay ng mga puting tao at taong itim o negro sa Timog Aprika. Sa pagbubukod na ito, nabibigyan ng kapangyarihan at pabor ang mga taong may puting balat kaysa mayroong itim na kulay ng balat. Ang Apartheid ay isang sistema ng institusyonal na paghihiwalay ng lahi at diskriminasyon na ipinatupad sa South Africa mula 1948 hanggang sa unang bahagi ng 1990s. Ang terminong "apartheid" ay nagmula sa Afrikaans at nangangahulugang "pagkahiwalay" o "pagkahiwalay." Sa ilalim ng apartheid, inuri ng gobyerno ng South Africa ang populasyon nito sa mga pangkat ng lahi at nagpatupad ng mga batas ng paghihiwalay ng lahi, na tinatanggihan ang mga karapatan, pagkakataon, at kalayaan ng mga hindi puting South African. | |
| | **Kaugnay na Paksa 1: Civil Rights Movement sa America**<br>**Pagproseso ng Pang-unawa _**<br><br>A. Pambungad<br>Ang ***Kilusang Mga Karapatang Sibil sa Amerika*** ay tumutukoy sa isang kilusang panlipunan at pampulitika na naglalayong wakasan ang paghihiwalay ng lahi at diskriminasyon laban sa mga African American at upang matiyak ang kanilang mga karapatan sa konstitusyon na ginagarantiyahan ng Konstitusyon ng Estados Unidos. Ang kilusan ay lumitaw pangunahin sa kalagitnaan ng ika-20 siglo at inilalarawan sa pamamagitan ng walang dahas na mga protesta, pagsuway sa sibil, mga legal na hamon, at aktibistang katutubo. Ito ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang kilusang panlipunan sa kasaysayan ng Amerika.<br>Ilan sa mahahalagang bahagi nito ay:<br>● Pantay na karapatan sa ilalim ng batas<br>● Karapatan sa Halalan<br>● Mga Batas laban sa diskriminasyon<br>● Paghihiwalay ng lahi at diskriminasyon sa mga pampublikong pasilidad<br>● Kalayaan sa pagsasalita at pagpupulong | |

Heograpiya ng Amerika/Estados Unidos

| AMERICA/USA | |
|---|---|
| LOKASYON | **Hilagang Amerika** |
| HEOGRAPIYA | Kabilang sa Kontinente ay ang mga bansang Alaska, mga pulo sa Pasipiko, Hawaii<br><br>Ikaapat na pinakamalaking bansa sa daigdig |
| KLIMA | Malamig at Tuyo |
| SOSYO-KULTURAL | May mga Native Americans at Afro-Americans<br><br>Mayamang sinig at teknolohiya (mass communication)<br><br>Mahusay sa larangan ng entertainment (*Broadway at Hol[ywood)* |
| PAMUMUHAY | May pinakamataas na Gross Domestic Product; malalaking Negosyo, industriya at likas-yaman |
| PANINIWALA | Kristiyanismo at *Native Churches* |
| KALAGAYANG POLITIKAL | Republikang Pederal |

Konklusyon:

Bagaman maraming mga biktima ng digmaang sibil ang napalaya at nabigyan ng ilang pangunahing Karapatan sa pamamagitan ng mga karagdagang batas ng 14$^{th}$ at 15$^{th}$ US Constitution, patuloy pa din ang kanilang pakikibaka upang makasiguro sa proteksyong igagawad ng pamahalaang Pederal. Dahil sa hindi-bayolenteng mga protestang ito, ang Civil Rights Movement ay nagpatuloy hanggang Dekada 60 at nakamit ang ilang pambihirang tagumpay para sa pantay na karapang sibil para sa mga African-Americans. Taong 1964 ng ang mga militanteng aktibistang Itim ay nakipaglaban naman hindi lamang para sa kanilang karapatan kundi para mapaunlad ang kanilang estadong politikal, ekonomikal at kultural.

B. **Gawain: Panonood ng Video**
**https://www.youtube.com/watch?v=URxwe6LPvkM**

.

Mga Gabay na Tanong:
1.Sa pagtatapos ng *Civil War* sa Amerika noong 1865, ano pang mga kaganapang sibil ang kinaharap ng mga *African-American* sa Estados Unidos?
2. Noong taong 1870, anong pagbabago ang naganap sa America at ano ang naging epekto
3. Anu-anong mga halimbawa ng *racial discrimination* ang naganap sa Amerika noong 1896?
4. Sa pagdating ng Dekada 50 hangang 60, paano lumawak ang isyu ng racial segregation? Magbigay ng halimbawa
5. Ano ang tinatawag na Civil Rights Movement? Ipaliwanag ang naging gampanin ng kilusang ito upang sunuking wakasan ang diskriminasyon sa lahi.
6. Sino si Martin Luther King Jr? Ano anong papel ang ginampanan niya upang maging mulat ang tao sa isyu ng *racial segregation*?
7. Sa makabagong panahon, ano naging hudyat upang makita ng mga Amerikano (puti man itim) na posible ang pagkakapantay-pantay ng lahi?

Tanggapin ang sagot ng mag-aaral yamang ang mga sagot ay batay sa kung ano ang naunawaan ng mga mag-aaral.

**Pinatnubayang Pagsasanay**
Gawain: **LIRIKO**mento *(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*

Pinagkunan ng liriko: LyricFind

**Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain: Karapatan Mo, Ipaglaban Mo!**
**Panuto:** Lagyan ng angkop na kapsyon ang mga protest card. Tiyaking may kinalaman ito sa nabuong Civil Rights Movement sa Amerika.




Pinagkunan ng larawan

*protest*. (n.d.). https://www.freepik.com/vectors/protest#referrer=detail&resource=8845473.

**Ikalawang Araw**
**Kaugnay na Paksa 2: Solidarity Movement ng Poland**
**Pagproseso ng Pang-unawa** _

A. Pambungad

- Naibalik sa pagiging isang nasyon ang Poland noong 1918 ngunit nasangkot muli sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- Naranasan muli ng Poland ang karahasan na nagpahina sa noo'y maunlad na populasyong Hudyo.
- Dinanas ang malupit na *Holocaust* na ikinamatay ng milyung-milyong tao, Hudyo man o ibang lahi.

- Ang ilan naman ay nakaranas ng pagkakabaha-bahagi at pananakop.
- Nang bumagsak ang Third Reich (Rehimeng Totalitaryan sa Germany), nawala din ang kalayaan ng Poland at naging isang *satellite state* na lamang ng Soviet Union.Sa loob ng 50 taon ng totalitaryong pamamalakad, maraming manggagawa ang naapektuhan at nagpahina sa kanilang ekonomiya.
- Sa huling bahagi ng 1970, ang mga naapektuhang manggagawa ay nagsimulang bumuo ng pambansang kilusan na tinawag na *SOLIDARITY MOVEMENT*.
- Isa sa bahagi ng SOLIDARITY MOVEMENT ay ang pagkakaisa na nakatuon sa mga isyu sa paggawa, humihingi ng mas magandang kondisyon sa pagtatrabaho, mas mataas na sahod, at karapatan sa mga independiente unyon ng manggagawa.
- Milyon-milyon ang mga nagporotesta upoang hamunin ang awtoridad ng Komunismo
- Sa kabila ng maraming pag-aresto sa mga miyembro nito, ang kanilang pagmamay-aring pahayagan ay patuloy sa paglathala ng artikulong nagtatataas sa kilusan.
- Noong Mayo 1989, tuluyang bumagsak ang Poland kasama ng rehimeng komunista sa Silangang Europa hudyat upang yakapin ng bansa ang demokrasya.

| POLAND | |
|---|---|
| LOKASYON | Gitnang Europa |
| HEOGRAPIYA | Pinag-uugnay ang sangangdaan ng magubat na Hilagang-Kanlurang Europa at Karagatang Atlantiko hanggang sa duluhang bahagi ng Eurasia |
| KLIMA | Malamig at Tuyo |
| SOSYO-KULTURAL | May iba't ibang minoryang kultural, ang ilan sa kanila ay mjuka pa sa naunang henerasyon ng mga Germans.<br><br>Opisyal na wika: Polish mula sa wikang Slavic<br><br>May mga hiram na tradisyon mula sa<br>France, Scandinavia, Russia, at Amerika |
| PAMUMUHAY | May ekonomiyang libreng pamilihan mayaman sa agrikultura at pagmimina |
| PANINIWALA | Romano Katoliko |

| | |
|---|---|
| KALAGAYANG POLITIKAL | Presidential Parliamentary at may mga sangay ng pamahalaan at Gabinete. Ang Pangulo ang pumipili sa Prime Minister na may gampaning tulad ng mga Chancellor sa Germany noon. |

**Gawain:** Panonood ng video

https://www.youtube.com/watch?v=xshxiuW5rTk
Mga Konseptong Bibigyang Pokus

1.Sino si Lech Walesa?
2. Ano ang kahalagahan ng Lenin Shipyard sa Lungsod ng Gdansk Poland"
3. Ipaliwanag ang krisis ekonomiko at politikal noong 1980 sa Poland
4.Isa-isahin ang layunin ng Solidarity Movement
5. Ilarawan ang mga kaganapan habang patuloy ang protesta ng mga manggagawa
6. Itala ang mahalagang pangyayari noong Marso 1981

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: For Today's Video** *(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*

**Ikatlong Linggo**
**Kaugnay na Paksa 3: Tiananmen Square Protest sa China**
**Pagproseso ng Pang-unawa _**

**Pambungad na Talakayan**

- Tagsibol 1989, may mga naganap nang maliliit na protest mula sa mga mag-aaral ng maraming unibersidad sa China. Madalas, ang layunin nito ay para humiling ng politikal at pang-ekonomikong reporma. Sa kalagitnaan ng taong 1980, ang sentrong pamahalaan ng China ay nagmungkahi sa mga tao sa China lalo na mga iskolar na maging aktibo sa kanilang papel sa pamahalaan. Sa kabilang banda, mas naging agresibo ang mga estudyante na magdaos ng mga demonstrasyon na humihiling naman ng indibidwal na karapatan at kalayaan na sinusugan ng mga panatiko ng Komunismo at ng Chinese Communist Party (CCP).

- Isang nasawi sa mas mahigpit na paninindigan na ito ay si Hu Yaobang na naging pangkalahatang kalihim ng CCp noong 1980. Naghikayat siya ng demokratikong reporma pero nakikitang magbitaw sa pwesto noong1987. Si Hu ay naging martir para sa layunin ng liberalisasyon sa politika.

| | | |
|---|---|---|
| | • Sa araw ng kanyang libing, libo-libong mga estudyante ang nagtipon sa Tiananmen Square na humihingi ng demokrasya at iba pang mga reporma. Sa susunod na mga linggo, mas lumaki ang bilang ng mga nagprotesta sa plaza na naghahanap naman ng repormang pampulitika, panlipunan at pang-ekonomiya. Bagaman naglabas ng mahigpit na babala ang gobyerno, wala silang nagawang aksyon para pigilan ang dumaraming tao sa plaza.<br><br>• May mga katulad pang demonstrasyon ang lumitaw sa mga pangunahing lungsod sa China tulad ng Shanghai, Nanjing Xi;an at Chengdu. Ganunpaman, ang mga demonstrasyon sa Beijing ang itinuturing na pinakamalaki dahil sinamahan pa ito ng mga media coverage dahil na rin sa pagbisita sa bansa ni Soviet Union President Mikhail Gorbachev.<br><br>• Di nagtagal, pagkatapos ng pagbisita ni Gorbachev, isang demonstrasyon sa Tiananmen Square ang muking naganap na nilahukan ng humigit kumulang na isang milyong demonstrador na nasaksihan ng ibang bansa dahil sa malawak na *broadcast.*<br><br>• Habang tumataas ang bilang ng mga nagpoprotesta, may mga nagtangkang makipag negosasyon at magbigay ng konsesyon o pangakong pagbibigay ng suporta sa mga demonstrador tulad ng ari-arian, lupa at maging posisyon sa pamahalaan. Ngunit mayroon ding mga lider tulad ni Deng Xiao Ping na pinilit nilabanan ang mga nagpoprotesta.<br><br>• Nang maglaon, nagdeklara ng Batas Militar sa Beijing at ang ng mga tropang hukbo ay pumapalibot sa buong lungsod. Ang pagtatangkang pasukin ang Tiananmen Square ay bigo nang ang napakaraming mga demonstrador ay humarang sa daraanan ng mga tropang hukbo.<br><br>• Unti-unting natigil ang mga protesta nang nagdeklara ang gobyerno sa pagpapa-aresto sa mga pinaghihinalaang lider ng demonstrasyon at sa tulong ng United States na nagpatupad ng pang-ekonomiya at diplomatikong mga parusa sa loob ng ilang panahon.<br><br>• Noong ika-4 ng Hunyo, 1989, ang Pamahalaan ng People's Republic of China (PRC) ay nagpadala ng mga tangke sa Tiananmen Square upang marahas na supilin ang mapayapang mga pro-demokrasya ng Tsina na nagpoprotesta. Ang | |

katapangan ng mga biktima ay hindi malilimutan at patuloy na nagbibigay inspirasyon sa mga tagapagtaguyod para sa mga prinsipyong ito sa buong mundo.

| CHINA | |
|---|---|
| LOKASYON | Silangang Asya |
| HEOGRAPIYA | Sinasakop ang 1/14 lupain sa buong mund<br><br>Isa sa mga bansang may pinakamalaking populasyon. |
| KLIMA | Malamig at Tuyo |
| SOSYO-KULTURAL | May malaking oanhkat-etniko tulad ng mga Han<br><br>Gumamit ng wikang Sino-Tibetan mula sa wikang Indo-Europen at Altaic |
| PAMUMUHAY | Mataas ang Foreign Trade at GNP<br><br>Pag-aangkat ng mga produkto sa buong mundo |
| PANINIWALA | Confucianism Taoism Buddhism |
| KALAGAYANG POLITIKAL | Sosylistang Bansa |

**Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain: Balita Noon, Kasaysayan Ngayon**
**Panuto:** Panoorin ang *recorded new*s gamit ang link. Talakayin sa klase ang mga detalye ng balita may kinalaman sa *coverag*e nito. Ipagawa sa mga mag-aaral ang katulad na pagbabalitang napanood mula sa video. Maging malikhain. Maaaring gumamit ng mga *visual aids* habang nilalahad ang balita. Ang gawaing ito ay maaaring indibidwal o pangkatan

Video link: **https://www.youtube.com/watch?v=wNEW1Uh0lz0**

**Ikapat na Araw**
**Kaugnay na Paksa 4: Anti-Apartheid Movement ng South Africa**
**Pagproseso ng Pang-unawa _**

A. **Pambungad**

| | | |
|---|---|---|
| | • Simula nang ipatupad ang patakarang Apartheid sa South Africa, marami nang naitalang pagtutol at pagpangkat-pangkat upang iparating sa pamahalaan ang mga hinaing lalo na ng mga Black Africans. Unti-unting nabuo ang mga demonstrasyon at welga laban sa Apartheid - ang pinakamarahan ay naganap sa Sharpeville sa South Africa noong Marso 21, 1960.<br>• Tumugon ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapaputok sa mga nag-welga na ikinamatay ng humigit-kumulang na 69 Black Africans at nasugatan ang marami pa.<br>• May mga welga ding kinasangkutan ng mga estudyanteng Black Africans na humantong sa sunud-sunod pang demonstrasyon na kung saan libu-libong tao ang nasugatan at daan-daan ang namatay, Isa na rito ay si Hector Pieterson, na ang pagkamatay ay naging tampok sa internasyonal na media dajil sa namatay ito sa murang edad na 12 taon sa gitna ng mga demonstrasyon at welga. Nagbunsod din ito ng pagkagalit ng marami kasama na ang mga Puting Africans. Nanawagan ang ilang politiko na luwagan ang mga polisiya ng patakarang Apartheid anupat itinaguyod unti-unti ang pagkakapantay-pantay ng lahi.<br>• Nakatanggap din ang Apartheid ng internasyonal na batikos. Napilitan ang South Africa na umalis sa Commonwealth noong 1961 nang maging maliwanag na hindi tatanggapin ng ibang miyembrong-bansa ang patakarang hindi pantay na pagtingin sa mga lahi.<br>• Sa pagpasok ng United Nations upang pumagitna sa isyu ng Apartheid, napagkasunduan bibigyang pansin ng South Africa ang kanilang ekonomiya at pag-alis sa ilang naipasang batas. Bagamat may mga pagbabawal pa din na tumira ang mga Itim sa mga lugar na pang-Puti lamang, nakaramdam ng Kalayaan at pagpasa ang mga Africans na minsan nang pinagkaitan ng Karapatan dahil sa kulay ng balat.<br>• Pagtatapos ng Apartheid - Isang bagong konstitusyon na nagbigay ng karapatan sa mga Itim at iba pangkat ng lahi ang nabuo noong n1993 at inaprubahan noong 1994. Ang pambansang halalan ng lahat ng lahi noong 1994 ay nagbunga ng isang koalisyon ng pamahalaan na may *Black majority* na pinamunuan ng aktibistang Anti-Apartheid na si Nelson Mandela. Ang pagbabagong ito ay itinuturing na pagtatapos ng Apartheid ngunit hindi ang pagtatapos ng mga epekto nito sa lipunan at ekonomiya. | |

| SOUTH AFRICA | |
|---|---|
| LOKASYON | Katimugang bahagi ng Africa |
| HEOGRAPIYA | Tinatawid ang South Atlantic at Indian Ocean |
| KLIMA | Malamig at Tuyo; may bahagi din na mainit |
| SOSYO-KULTURAL | 80% ng populasyon ay Black South Africans, mayroon din mga Asyano tulad ng Indian-Africans |
| PAMUMUHAY | Mataas ang Foreign Trade at GNP<br><br>Ikalawa sa pinakamayaman na bansa sa Africa |
| PANINIWALA | Christianity |
| KALAGAYANG POLITIKAL | Parliamentary Republic |

**Gawain: Video Watch: Ano ang Apartheid**
**Pamprosesong Tanong:**


1. Ano ang mga pinagmulan at pag-unlad ng apartheid sa South Africa?
2. Paano nakaapekto ang apartheid sa iba't ibang pangkat ng lahi sa South Africa?
3. Anong mga anyo ng paglaban at pagsalungat ang lumitaw laban sa apartheid, kapwa sa loob ng South Africa at internasyonal?
4. Paano tumugon ang internasyonal na komunidad sa apartheid, at anong papel ang ginampanan ng mga parusa, boycott, at diplomatikong presyon sa pagwawakas ng apartheid?
5. Paano maihahambing ang karanasan ng apartheid sa South Africa sa iba pang mga pagkakataon ng paghihiwalay ng lahi at diskriminasyon sa buong mundo?

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: Gallery Organizer** *(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)*

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain: Hiwalay Kung Hiwalay**

Video link:
**https://www.youtube.com/watch?v=XA7oQXrPaOA**

| | | |
|---|---|---|
| | **Panuto:** Suriin ang larawan. Ginamit ang mga t-shirt bilang ilustrasyon ng konseptong Apartheid. Paano mo ipaliliwanag ng mga mag-aaral ang naganap na Patakarang Apartheid at ang Anti-Apartheid Movement sa South Africa.<br><br><br>Patakarang Apartheid at ang Anti-Apartheid Movement sa South Africa. | |
| | **Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: K-E-I Chart** *(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto** *(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)*<br>**Gawain: Photo Essay** | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit** *(Tingnan sa pahina 7-8 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>1.Maghanda para sa Ikatlong Markahang Pagsusulit<br><br>Mga Paksa para sa Rebyu<br>● Unang Digmaang Pandaigdig<br>● Ang Daigdig Pagkaraan ng Digmaan<br>● Ideolohiyang Totalitaryanismo, Pasismo, Nazismo, Komunismo at Militarismo<br>● Ikalawang Digmaang Pandaigdig<br>● Cold War: Europa at Amerika<br>● Asya at Africa sa Panahon ng Cold War | Batayang Kasagutan<br>1Anti-Apartheid Movement<br>2. Tiananmen Square Protest<br>3. Civil Tights Movement<br>4. Solidarity Movement<br>5. Nelson Mandela<br>6. Apartheid<br>7. Tiananmen Square<br>8. demonstrasyon/welga<br>9. Aktibistang Anti-apartheid<br>10.Third Reich |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">

- Ang Daigdig matapos ang Cold War - Pagkakabuwag ng USSR
- Mga Kilusan Para sa Demokrasya

2. Tiyaking maipapasa ang lahat ng mga sagutang papel o worksheet bago ang petsa ng pagsusulit.</td>
<td>Tanggapin at suriin ang kasagutan ng nga mag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">A. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagninilay</td>
<td colspan="3">

*Gabay sa Pagninilay:*

- ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***
  *Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*
  *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*
- ***<u>Mag-aaral</u>***
  *Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*
  *Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*
- ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***
  *Ano ang aking nagawang kakaiba?*
  *Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|